Robredo, di magiging pangulo sa "RevGov"

INSPIRASYON SA BUHAY: "... Ang lahat ng tao ay dapat magpasakop sa mga namumuno, sapagkat walang namumuno na hindi ang Diyos ang nagtalaga... kaya nga ang mga lumalaban sa mga namumuno ay hahatulan at susumpain ng Diyos..." (Roma 13:1-2, Bibliya).

-ooo-

ROBREDO, DI MAGIGING PANGULO SA "REVGOV": : Sandali lang po. Kung magdedeklara ang Pangulong Duterte ng revolutionary government sa Pilipinas, mangangahulugan ito ng pagsasantabi o pagkawala ng Saligang Batas ng 1987 at ng pamahalaang kumikilos batay dito.

Dahil ang Bise President Leni Robredo ay naging pangalawang pangulo ng bansa sa ilalim ng nasabing Saligang Batas ng 1987, naisasantabi o nawawala din ang pagiging bise presidente niya kung maidedeklara nga ng Pangulo ang revolutionary government, kasi nga ay naisasantabi din ang batas na kumikilala sa kaniya bilang vice president.

Sa totoo lang, ang posisyong bise presidente ni Robredo, at ang lahat na nga ng iba pang mga posisyong nilalang sa ilalim ng Saligang Batas ng 1987, ay napapawalang-bisa din lahat pag nagkaroon ng revolutionary government sa bansa. Ito ay sa dahilang ang nasabing mga posisyon ay nawawala din pag nawala ang Saligang Batas kung saan sila naitatag.

-ooo-

TANGING PANGULO LAMANG ANG HAHAWAK NG KAPANGYARIHAN SA "REVGOV": Sa isang revolutionary government, ang lahat na ng kapangyarihan sa bansa (hindi lamang sa pamahalaan) ay napapasakamay ng Pangulo, o ng kung sinumang tao o grupo na nagtatag ng nasabing revolutionary government. Tanging ang Pangulo, o ang mga nagdeklara ng revolutionary government, ang kikilalaning batas sa bansa.

Nakita na ang ganitong mga pangyayari sa ating bansa, sa pamamagitan ng isang di-kilalang biyuda na noong 1986 ay umagaw sa kapangyarihan ng halal na pangulo ng Pilipinas, at pagkatapos ay nagpawalang-bisa sa Saligang Batas ng 1973---ang umiiral na Konstitusyon noong 1986.

Inangking lahat ng biyuda ang kapangyarihan ng pamahalaan noon. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng pagpapalabas ng isang Freedom Constitution na tinawag din noon na 1986 Provisional Constitution of the Republic of the Philippines, o Proclamation No. 03, March 25, 1986.

-ooo-

CORY AQUINO, NAG-`REVGOV' DIN NOONG 1986: Sa madaling salita, mayroon na pong naunang padron ang pagkuha ng Pangulo ng bansa ng lahat ng kapangyarihan ng pamahalaan, matapos siyang magdeklara ng revolutionary government. Nagawa na ito noon ni Corazon C. Aquino noong 1986. Wala pong dahilan, o legal na balakid, kung ito naman ang gagawin ito ngayong 2019 ng Pangulong Duterte.

Kung sakali at gagawin ito ng Pangulong Duterte, mawawala ang kasalukuyang 1987 Constitution (na dapat naman talagang alisin na dahil produkto lamang ito ng galit at paghihiganti), mawawala ang buong gobyerno, at maaalis ang lahat ng opisyales ng bansa.

Sa ganoong senaryo, maliwanag na walang karapatan si Robredo na umupo bilang pangulo ng bansa, gaya ng sinasabi ng kaniyang mga kaalyado. Kung ipagpipilitan ni Robredo na maging pangulo pag nagkaroon ng revolutionary government sa pamumuno ni Duterte, baka ipaaresto lamang siya.

-ooo-

TAWAG NA PARA SA MGA TANONG, PAYO, AT TULONG: Sa mga nais magtanong, o humingi ng tulong, sa akin, maaari po kayong tumawag o magtext sa mga numero ko: 0977 805 9058, 0917 984 2468, 0918 5740193 at 0933 825 1308, o magemail sa batasmauricio@yahoo.com, o magpadala ng inyong mga mensahe sa aking Messenger sa Facebook (Melanio Lazo Mauricio Jr.). Salamat sa Diyos sa Ngalan Ni Jesus!

PNP slams supporters of 'state enemies' condemning NegOr ops

MANILA -- The Philippine National Police (PNP) on Thursday condemned people who continue to support "enemies of the state" by taking advantage of the search warrant operations that resulted in the death of 14 suspects in Negros Oriental for their propaganda against the government.

"We should vehemently send our condemnation against these people supporting the perceived enemies of the state to gain power themselves, even sacrificing the innocent lives of young students to attain their own propaganda against our country and government," PNP Chief, Gen. Oscar Albayalde, said in a statement.

Albayalde made the statement amid calls from leftist lawmakers for his resignation over the incident.

"Now, we prove to the Filipino people the realm of sympathizers who are in power supporting the leftist movement and its vain provision to dismantle and overthrow a constitutionally-elected government. Let me express this that in the name of delicadeza, which is obviously not in their moral virtues, they should be the (ones) who have long since resigned while enjoying the perks and privileges shouldered by the Filipino people," he said.

The country's top cop earlier ordered the relief of Col. Raul Tacaca, Negros Oriental provincial police director; Lt. Col. Patricio Degay, Canlaon City police chief; Lt. Kevin Roy Mamaradlo, Manjuyod municipal police chief; and Capt. Michael Rubia, Sta. Catalina police chief, from their posts to give way to an impartial investigation on the operations.

"I assure that this corresponding investigation by the PNP Internal Affairs Service is deemed in the ambit of fairness, truth, and justice whatever results may divulge. I reiterated that an impartial investigation is ongoing to determine if there were lapses in this series of police operations launched by our local police units accord(ing) to the Revised Police Operations Procedures," Albayalde said.

The relieved officers will be assigned to the Police Holding and Accounting Unit in Camp Crame.

The PNP chief, however, clarified that the order is not a punitive measure against the police officials. (PNA)

Chinese presence near Pag-asa Island 'illegal': DFA

MANILA -- The Department of Foreign Affairs (DFA) on Thursday called as "illegal" the presence of Chinese vessels swarming near and around the Philippine-occupied Pag-asa Island in the West Philippine Sea (South China Sea).

"The Pag-asa Islands are part of the Kalayaan Island Group (KIG), which is an integral part of the Philippines over which it has sovereignty, sovereign rights and jurisdiction," the DFA said in a statement sent to the media Thursday afternoon.

"Accordingly, the presence of Chinese vessels near and around Pag-asa and other maritime features in the KIG is illegal," it added.

Such actions are a "clear violation of Philippine sovereignty, sovereign rights and jurisdiction," as defined under international law, including the 1982 United Nations Convention on the Law of the Sea (UNCLOS), the DFA statement read.

Ahead of the release of the statement, Foreign Affairs Secretary Teodoro Locsin Jr. on Thursday noted that such actions when not repudiated by the country concerned, are deemed to have been adopted by it.

"When a country lets its countrymen swarm into foreign territory and does nothing to drive them out, it is deemed to have endorsed and in effect adopted that aggressive act against a foreign country," he said on his official Twitter account.

The Philippine government has observed that the Chinese vessels have been present in large numbers for sustained and recurring periods.

Commonly referred to as "swarming" tactics, the DFA said these raise questions about their intent, as well as concerns over their role in support of coercive objectives.

In its statement, the DFA asserted that the presence of Chinese vessels within the KIG, "whether military, fishing or other vessels," will continue to be the subject of appropriate action by the Philippines.

Philippine Ambassador to China Jose Santiago Sta. Romana on Thursday confirmed that the country raised this issue during the two nations' fourth meeting of the Bilateral Consultative Mechanism.

"It was discussed during the Philippine-China bilateral talks on the South China Sea held in Manila on April 2 to 3," he told the Philippine News Agency (PNA) in a text message. (PNA)

ADVERTISING RATES

COMMERCIAL ..... P180/col.cm.
LEGAL/ NOTICES ..... P160/col.cm.

NORTH SOUTH JOURNAL
PATAS AT MAKATARUNGANG PAHAYAGAN

ANG **NORTH SOUTH JOURNAL** ay inilalathala ng **NorthSouth Journal**, tuwing araw ng Linggo na may tanggapan sa 385 Alima, Bacoor, Cavite
Tel. No. (046) 434-6167

email:
northsouthjournal2018@gmail.com
southstarprintcenter@yahoo.com

MANILA OFFICE: 372 Real St. cor. San Antonio Valley 17, Talon 1, Las Piñas City, (beside Brgy. Hall)
Tel. No. (02) 817-0607
ILOCOS NORTE OFFICE: Banna, Ilocos Norte

ROSITA C. CACACTIN
Publisher
EDILBERTO JULIAN
Marketing
RODRIGO FABRO
Circulation Officer (NCR)
JULIUS C. CACACTIN
Circulation Officer (CALABARZON)
Gen. CESAR P. KABILING (ret.)
LEO CANTA
Consultants

FLORENDO T. CACACTIN
Associate Publisher & General Manager
MANNY CALDITO
DAN DANAO
JULIUS JULIAN
Correspondents
Atty. BATAS MAURICIO
Atty. FERNANDO PERITO
Legal Counsels

NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.
papi